EAST-WEST SEED FOUNDATION

MGA ORGANIKONG PATABA AT PANABOY PESTE

Fermented Plant Juice (FPJ)

Ang FPJ ay gawa mula sa binurong dahon at talbos ng mga halaman tulad ng kamote, kangkong, kakawate, puno ng saging o mga pinagtabasang gulay. Mayaman ito sa Phosphorus, Nitrogen, Potassium at *growth hormones*. Magagamit ang FPJ hanggang anim na buwan simula sa pagkakagawa nito.

Mga Kailangang Gamit

- Mga talbos o murang bahagi ng halaman
- Papel o katsa at botelya
- Itak at tadtaran
- Sisidlang banga o plastic drum
- Molasses o pulang asukal

Paraan ng Paggawa

1. Tadtarin ng pino ang mga halamang sangkap.
2. Lagyan ng isang bahaging tubig kung talbos o dahon ang gamit para madaling katasin.
3. Haluan ng pulang asukal o *molasses* sa daming isang parteng asukal sa dalawang parteng halaman.
4. Ilagay sa banga o plastic drum at takpan ng papel o katsa.
5. Iimbak ng pitong araw sa malamig at malilim na lugar.
6. Makalipas ang pitong araw, pigain sa net bag upang makuha ang katas (FPJ).
7. Ilagay sa mga plastik na botelya ang katas ngunit huwag munang hihigpitan ang takip upang makasingaw.

Paraan ng Paggamit

1. Gumamit ng isa o dalawang kutsara ng FPJ sa bawat isang litrong tubig.
2. Gamitin itong pandilig o pambomba sa halaman at gulay.

Fermented Fruit Juice (FFJ)

Ang FFJ ay gawa mula sa mga binurong bunga o pinagbalatan ng mga hinog na bungang prutas kagaya ng papaya, pinya, saging, pakwan at iba pa. Maaari ding gamitin ang hinog na kamatis, kalabasa at iba pang bungang gulay.

Mga Kailangang Gamit

- Mga buga o pinagbalatan
- Papel o katsa at botelya
- Tadtaran at itak
- Sisidlang bunga o drum
- Molasses o pulang asukal

Paraan ng Paggawa

1. Tadtarin ng pino ang mga bunga.
2. Haluan ng pulang asukal o *molasses* sa daming isang parteng asukal sa bawat dalawang parteng bunga.
3. Ilagay sa banga o plastic drum at takpan ng papel o katsa.
4. Iimbak ng pitong araw sa malilim na lugar.
5. Pagkatapos, pigain sa net bag upang makuha ang katas ngunit huwag munang hihigpitan ang takip upang makasingaw.

Paraan ng Paggamit

1. Gumamit ng isa o dalawang kutsara ng FFJ sa bawat isang litrong tubig.
2. Gamitin itong pandilig o pambomba sa halaman at gulay lalo na sa panahon ng pamumulaklak at pamumunga.

Magagamit ang FFJ hanggang sa anim na buwan mula sa araw ng pagkagawa nito.

Oriental Herb Nutrient (OHN)

Ang OHN ay mabisang panlaban sa iba't ibang uri ng peste ng halaman. Gawa ito sa maaanghang at maamoy na halaman. Maraming paraan ng paggawa nito batay na din sa peste at mga gamit na makukuha sa paligid.

OHN3

Mga Kailangang Gamit

- Kalahating kilong luyang dilaw
- Tigtatlong kilong bawang at sibuyas
- 100pcs sili labuyo
- Isa hanggang dalawang litrong lambanog

Paraan Ng Paggawa

1. Dikdikin ng maigi ang lahat ng nabanggit na sangkap
2. Ibabad ito sa isa ahanggang dalawang litrong lambanog
3. Takpan ng katsa o papel sa loob ng isa hanggang dalawang araw
4. Dagdagan ng ½ hanggang isang litrong molasses kinabukasan at iimbak ng isang lingo

Paraan Ng Paggamit

- Katasin at gamiting pambomba sa daming isa hanggang apat na kutsarang OHN3 sa isang litrong tubig.

Fish Amino Acid (FAA)

Ang FAA ay gawa mula sa binurong bilasang isda o mga hasang at lamang loob ng mga ito. Mayaman ang FAA sa Nitrogen at iba pang mineral na kailangan ng halaman sa panahon ng paglaki at pagdadahon.

Mga Kailangang Gamit

- Isda, bituka at hasang. Maaari ring gamitin ang golden kuhol pamalit sa isda
- Sisidlang banga o timba
- Papel o katsa at botelya
- *Molasses* o pulang asukal (muscovado)
- Plastik na botelya

Paraaan ng Paggawa

1. Tadtarin ang isda. Alisin ang tinik kung malaki ang mga ito.
2. Haluan ang laman ng isda ng kasindaming pulang asukal o *molasses*. Lamasing mabuti.
3. Haluan ng Effective Microorganism Activated Solution (EMAS) upang mabawasan ang pangangamoy.
4. Ilagay sa banga o timba at takpan ng papel o katsa.
5. Iimbak ng dalawang linggo sa malamig at malilim na lugar. Makalipas ang dalawang linggo, pigain at salain ang katas (FAA).
6. Isalin sa mga plastic na botelya ang FAA at lagyan ng petsa ang pangalan nito.
7. Huwag munang higpitan ang takip upang makasingaw.

Paraan ng Paggamit

1. Magtimpla ng 1-2 kutsarang FAA sa isang litrong tubig.
2. Idilig o ibomba sa mga halaman at gulay minsan sa isang linggo o batay sa mga lago nito.
3. Haluan ng FPJ at FFJ ayon sa pangangailangan ng halaman.

Sanggunian: Pamahalaang Lokal ng Los Baños, PCAARRD-DOST, UPLB Institute of Plant Breeding at UPLB College of Development Communication. (n.d.). Mga Paraan ng Paggawa ng Organic Farm Inputs.